

Pagsunod kay Jesus sa

# PORTUGAL



KILALA-NIN SI MATILDE!





## Tungkol kay Matilde

**EDAD:** 5

**MULA SA:** Rehiyon ng Lisbon, Portugal

**WIKA:** Portuges

**PAMILYA:** Matilde, Inay, Itay, at nakababatang kapatid na lalaki at babae

**MGA MITHIIN AT PANGARAP:** Maging isang doktor



MGA PAGLALARAWAN NI ANNA DAVISCOURT

## Paano Sinusunod ni Matilde si Jesus

Isang araw, sinabi ng nanay ni Matilde na nais ng kanyang ward na magtipon ng mga laruan. Ang mga laruan ay para sa mga batang kailangang umalis kaagad sa kanilang sariling bansa. Tinanong ng nanay ni Matilde kung mayroon siyang malalambot na laruan na maipapamigay sa kanila. Makakatulong ang mga laruan para mabawasan ang nadarama nilang takot sa kanilang paglalakbay.

Noong una ay ayaw ipamigay ni Matilde ang kanyang mga laruan. Pero naisip niya kung gaano sasaya ang mga bata na makakuha ng laruan. Naisip niya kung paano tinulungan ni Jesucristo ang iba. Kaya kinabukasan, tumulong siyang pumili ng ilang laruang ipapamigay. Masaya siya sa kanyang puso dahil matutulungan niya ang mga bata na gumaan ang pakiramdam. Gustung-gusto niyang sundin si Jesus! ●

### Maaari Mo ring Sundin si Jesus!

Maraming paraan para masunod si Jesus. Paano ka makasusunod sa Kanya? Isulat at ikuwento sa amin!



## Mga Paborito ni Matilde

**LUGAR:** Tabing-dagat





**KUWENTO TUNGKOL KAY JESUS:** Ang Kanyang pagsilang

**PRUTAS:** Peras





**KULAY:** Rosas

**SUBJECT SA PAARALAN:** Art o Sining

